

# **Paunawa Tungkol sa Hindi Pagsisiwalat ng mga Impormasyon ng**

**North Sound Mental Health Administration  
117 North First Street, Suite 8  
Mount Vernon, WA 98273  
360-416-7013      www.nsmha.org**

**Ang mga paggamit at pagsisiwalat ng mga impormasyong tungkol sa inyong kalusugan**

Petsang Maybisa: 14 ng Abril, 2003

**INILALARAWAN NITONG PAUNAWA KUNG PAANO MAAARING  
GAMITIN AT ISIWALAT ANG MGA IMPORMASYONG TUNGKOL  
SA INYONG KALUSUGAN AT KUNG PAANO NINYO MAKUKUHA  
ANG IMPORMASYONG ITO**

**MANGYARING BASAHIN ITO NANG MAIGI**

[Kung may mga katanungan kayo tungkol sa paunawang ito, pakitawagan ang Privacy Officer sa 360-416-7013.]

Ang North Sound Mental Health Administration (NSMHA), na dating North Sound Regional Support Network, ay ang autoridad sa pangkaisipang kalusugan ng madla para sa mga county ng Island, San Juan, Skagit, Snohomish at Whatcom. Tungkulin ng NSMHA ang kumontrata para sa lahat ng binabayaran ng madla na outpatient at inpatient na mga serbisyo para sa pangkaisipang kalusugan ng komunidad at ang pamamahala ng mga ito sa mga county na iyon. Ang NSMHA ay kumokontrata sa Associated Provider Network (APN) na naghahandog ng mga serbisyo sa pamamagitan ng kanilang mga miyembro at kasapi; ang Compass Health, Catholic Community Services, bridgeways, Lake Whatcom Residential Services, at ang Whatcom Counseling and Psychiatric Services. Kumokontrata rin kami sa Snohomish County, Sea Mar, sa Tulalip tribes at sa Volunteers of America para sa mga ilang serbisyo para sa pangkaisipang kalusugan. Kabilang sa pamamahala sa mga serbisyong ito ang pag-audit para matiyak ang kahusayan ng mga serbisyo at pati na rin ang mahusay at mapagkakatiwalaang paggamit ng mga pondo ng madla. Ang NSMHA ay pinamamahalaan ng isang Lupon na binubuo ng mga hinalal na opisyal mula sa bawat county o ang mga hinirang na humalili sa kanila.

## **Ang mga Tungkulin ng North Sound Mental Health Administration**

Ang North Sound Mental Health Administration ay inuutusan ng batas na huwag isiwalat ang pinoprotektahang impormasyon tungkol sa kalusugan/protected health information ("PHI"). Inuutusan rin kami na bigyan kayo ng paunawa tungkol sa inyong mga tungkulin ayon sa batas at tungkol sa hindi pagsisiwalta ng inyong PHI, at sundin ang mga kondisyon ng Paunawa na kasalukuyang maybisa.

Ang inyong PHI ay ang mga impormasyon tungkol sa inyong kalusugan o kalagayan sa nakaraan, sa kasalukuyan, o sa hinaharap, at ang pag-alaga o paggamot sa inyo. Kabilang rin sa inyong PHI ang mga impormasyong nagmula sa amin o natanggap namin tungkol sa inyong kalusugan o tungkol sa kabayaran para sa pag-alaga o paggamot sa inyo. Nasa inyong PHI ang inyong mga rekord pangmedikal at mga

personal na impormasyon na tulad ng inyong pangalan, ang inyong numero sa social security, direksiyon, at numero ng telepono. Maaari ring kabilang dito ang mga impormasyong pananalapi.

Pinaliliwanag ng paunawang ito kung paano, kailan, at kung bakit namin maaaring gamitin o isiwalat ang inyong PHI. Maliban sa mga ilang kalagayan, kinakailangan naming gamitin o isiwalat lamang ang pinakakaunting kinakailangang PHI para masapat ang balak na layunin sa paggamit o pagsiwalat. Ang aming mga empleyado ay sinanay namin at inutusan namin na huwag isiwalat ang inyong PHI.

### **Kung paano maaaring gamitin o isiwalat ng North Sound Mental Health Administration ang mga impormasyong tungkol sa inyong kalusugan**

Ang North Sound Mental Health Administration ay ginagamit at isinisiwalat ang PHI sa sarisaring paraan na kaugnay sa paggamot sa inyo, kabayaran para sa pag-alaga o paggamot sa inyo, at sa aming pangangasiwa sa pangangalaga ng kalusugan. Nakalista sa ibaba ang mga ilang halimbawa ng kung paano namin maaaring gamitin o isiwalat ang inyong PHI. Hindi nakalista sa bawat kategoriya ang lahat ng paggamit o pagsisiwalat. Gayon pa man, ang lahat ng paraan na pinahihintulutan kaming gamitin o isiwalat ang inyong PHI ay nasa isa o higit pa sa mga kategoriyang ito.

### **Ang mga paggamit at pagsiwalat ng mga pinoprotektahang impormasyong tungkol sa inyong kalusugan na HINDI kinakailangan ang inyong pahintulot**

**Maaari naming gamitin o isiwalat ang mga pinoprotektahang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa mga sumusunod, na hindi kinakailangan ang inyong pahintulot, na kaugnay sa pag-alaga ng inyong kalusugan at sa paggamot sa inyo:**

- Sa tao na gumagamot o nag-aalaga sa inyo.
- Sa loob ng aming organisasyon para itugma ang pag-alaga sa inyo.
- Sa Mental Health Professionals na Hinirang ng County.

**Maaari naming gamitin o isiwalat ang mga pinoprotektahang impormasyong tungkol sa inyong kalusugan sa mga sumusunod, na hindi kinakailangan ang inyong pahintulot, na kaugnay sa pagbabayad:**

- Para sa pangangasiwa ng inyong polisa o kontrata para sa health benefits.
- Para singilin kayo para sa pag-alaga o paggamot namin sa inyo.
- Para bayaran ang mga ibang nag-alaga o gumagamot sa inyo.
- Para bayaran ang mga ibang organisasyon at mga ibang provider maliban kung ipinagbabawal ng batas.

**Maaari naming gamitin o isiwalat ang mga pinoprotektahang impormasyong tungkol sa inyong kalusugan sa mga sumusunod, na hindi kinakailangan ang inyong pahintulot na kaugnay sa mga pangangasiwa para sa pangangalaga ng kalusugan:**

- Para pangasiwaan at tangkilikin ang aming mga gawain bilang isang mental health regional support network o yaong ibang mental health organizations (alinsunod sa pinahihintulutan ng batas) kabilang ang health providers, health plans, at pati na rin ang health care programs ng estado, ng rehiyon, ng county at ng lungsod. Halimbawa,

maaari naming gamitin ang inyong PHI para gumawa ng ebalwasyon tungkol sa paghahandog ng serbisyo sa inyo ng mga tauhan namin. Maaari rin naming pagsamasamahin ang mga impormasyong tungkol sa mga kalusugan ng maraming pasyente para malaman kung anong mga karagdagang serbisyo ang kinakailangang ihandog namin, kung anong mga serbisyo ang kinakailangan, kung mabisa ang mga ilang paggamot, o para ikumpara ang mga ginagawa namin sa ginagawa ng iba at para malaman kung saan kami makakagawa ng mga pagpapabuti o kung paano umakma sa kakulangan ng pondo. Maaari namin alinsin mula sa mga impormasyong tungkol sa kalusugan ang mga impormasyon na kinikilala kung sino kayo para maaari itong gamitin ng iba para pag-aralan itong impormasyon na hindi nalalaman kung sino itong mga kliyente namin. Ang isa pang halimbawa ay maaari naming gamitin ang inyong PHI para sa mga pangangasiwa ng mga gawain, at para malaman kung kayo ay maaaring makatanggap ng mga pangmadlang serbisyo para sa pangkaisipang kalusugan.

- Sa mga ibang tao (tulad ng mga consulatant at abogado) at mga organisasyon na tumutulong sa aming mga gawaing pangnegosyo (Bigyan ng pansin: Kung isisiwalat namin ang inyong PHI sa mga ibang organisasyon para sa layuning ito, kinakailangang sumang-ayon sila na hindi nila isisiwalat ang mga impormasyong tungkol sa inyo.)

**Maaari naming gamitin o isiwalat ang mga pinoprotektahang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa mga sumusunod na kalagayan na para sa mga layuning naalinsunod sa batas at/o sa pamahalaan na hindi kinakailangan ang inyong pahintulot:**

- Inuutos ng batas — Kapag inuutusan kami ng batas ng estado o ng pamahalaang pederal, kabilang ang mga batas ng worker's compensation.
- Kalusugan at kaligtasan ng madla — Sa pinahihintulutang autoridad o tao na mula sa pangmadlang kalusugan para:
  - Protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng madla.
  - Mahadlang o mapigilan ang pagkakasakit, pagkapinsala, o pagkabaldado.
  - Ipagbigay-alam ang vital statistics na tulad ng mga pagkasilang o pagkamatay.
  - Imbestigahan o subaybayan ang mga problema ukol sa mga inireresetang gamot at mga kasangkapang pangmedikal. (Food and Drug Administration)
- Pagmamalupit o pagpapabaya – Sa mga ahensiya ng pamahalaan na may kapangyarihang tumanggap ng mga sumbong tungkol sa pagmamalupit, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan.
- Mga ahensiyang namamahala - Sa mga namamahalang ahensiyang pangkalusugan para sa mga ilang gawain tulad ng mga pag-audit, pagsisiyasat, imbestigasyon, inspeksiyon, at mga paglilisensiya.
- Mga paglilitis – Sa mga anumang paglilitis bilang pagtugon sa isang utos ng hukuman o pang-administratibong ahensiya at, sa mga ilang pagkakataon, bilang pagtugon sa subpoena, paghiling ng mga impormasyon, o mga iba pang prosesong naaalinsunod sa batas.
- Pagpapatupad ng batas – Sa mga opisyal na nagpapatupad ng batas sa mga natatakdaang kalagayan para sa mga layuning pagpapatupad ng batas. Halimbawa, maaaring isiwalat ang mga impormasyon para malaman kung sino o kung nasaan ang isang suspect, testigo, o taong nawawala; para isumbong ang isang krimen; o para magbigay ng impormasyon tungkol sa mga biktima ng mga krimen.
- Gawaing pangmilitar at kaligtasan ng bansa – Sa militar at sa mga may

kapangyarihang opisyal ng pamahalaang pederal o para sa mga layuning kaligtasan ng bansa at intelligence o kaugnay sa pagbibigay ng proteksiyon sa Pangulo ng Estados Unidos.

**Maaari rin naming gamitin o isiwalat ang mga pinoprotektahang impormasyon tungkol sa inyong kalusugan sa mga sumusunod na sarisaring di-pangkaraniwang kalagayan na hindi kinakailangan ang inyong pahintulot:**

- Mga mapagpipiliang paggamot at paglalarawan ng plano – Para ipaalaala sa inyo ang inyong mga appointment, ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga serbisyong paggamot, ang inyong mga opsyon o mapagpipilian, at pati na rin ang mga benepisyo o serbisyo na pangkalusugan na maaaring interesado kayo, o para ilarawan sa inyo ang aming health plan at mga provider.
- Pananaliksik – Para sa mga layuning pananaliksik ng North Sound Mental Health Administration o ng ibang organisasyon, sa kondisyong may gagawing mga hakbang para protektahang hindi kayo makikilala. Bigyan ng pansin: Sa mga ganitong kalagayan, sa karaniwan, pag-aaralan muna ng review board para sa pananaliksik ang proyekto ng pananaliksik para matiyak na napoprotektahang hindi malaman kung sino kayo bago gamitin o isiwalat ng North Sound Mental Health Administration ang inyong PHI.
- Alisin ang mga impormasyon na kinikilala kung sino kayo – Inaalas ang mga impormasyon sa inyong PHI na maaaring gamitin para malaman kung sino kayo.
- Coroners, funeral directors, at organ donation - Sa coroners, funeral directors, at organ donation organizations tulad ng pinahihintulutan ng batas.
- Pagtulong sa panahon ng sakuna – Sa mga may kapangyarihang ahensiyang pangmadla o pribado para sa mga layuning pagtulong sa panahon ng sakuna. Halimbawa, maaari naming isiwalat ang inyong PHI para ipagbigay-alam sa mga miyembro ng inyong pamilya kung nasaan kayo o kung ano ang kalagayan ninyo.
- Banta sa kalusugan o kaligtasan – Para maiwasan ang isang malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan ninyo o ng ibang tao.
- Pagtutustos ng Pondo – Maaari naming gamitin ang inyong PHI para kontakin kayo para sa mga layuning humingi ng inyong tulong para sa pagtutustos sa aming mga programa.
- Mga kulungan – Kung kayo ay isang bilanggo sa kulungan, maaari naming isiwalat sa kulungan ang inyong PHI para sa mga layuning tulad ng pangangalaga ng inyong kalusugan o ang pagprotekta sa inyong kalusugan at kaligtasan o sa mga kalusugan at kaligtasan ng ibang tao.

**Mga paggamit at pagsisiwalat ng North Sound Mental Health Administration ng mga pinoprotektahang impormasyong tungkol sa inyong kalusugan na KINAKAILANGAN naming hingin ang inyong pahintulot**

Maliban sa mga kategoriyang nakalista sa itaas, gagamitin at isisiwalat lamang namin ang inyong PHI kung may nakasulat na pahintulot ninyo.

Sa mga ilang situwasyon, ang mga batas ng pamahalaang pederal at ng estado ay nagkakaloob ng mga di-pangkaraniwang proteksiyon para sa mga partikular na PHI at kailangan ang inyong pahintulot bago namin maisisiwalat ang di-pangkaraniwang pinoprotektahang PHI. Sa mga ganitong situwasyon, kokontakin namin kayo para sa kinakailangang pahintulot. Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa mga batas na ito, pakitawagan ang Privacy Officer sa 360-416-7013.

Kung may linagdaan kayong pagpapahintulot, maaari ninyong bawiin ito nang nakasulat sa anumang oras, bagaman wala itong epekto sa mga impormasyong isiniwalat namin bago ninyo binawi ang inyong pagpapahintulot.

Kung gusto ninyong hilingin sa amin na isiwalat and inyong PHI, pakitawagan ang Privacy Officer, sa 360-416-7013 para humiling ng form ng kapahintulutan.

### **Ang inyong mga karapatan tungkol sa mga pinoprotektahang impormasyong tungkol sa inyong kalusugan**

Bigyan ng pansin: Maaari ninyong gamitin ang alinman sa mga karapatang inilalarawan sa ibaba, o maaari kayong magtanong tungkol sa mga ito, sa pagtawag sa Privacy Officer sa 360-416-7013.

Kayo ay may karapatang:

- Humiling ng mga pagtatakda sa pamamagitan ng paghiling sa amin na takdaan ang paraan na ginagamit o isinisiwalat ang inyong PHI para sa paggamot, pagbabayad, o para sa mga pangangasiwa ng pag-alaga ng kalusugan. Maaari rin ninyong hilingin na takdaan namin ang mga impormasyong isinisiwalat namin sa taong kasama sa pag-alaga sa inyo, na tulad ng isang miyembro ng inyong pamilya, o kaibigan. Mangyaring bigyan ng pansin na kami ay hindi kinakailangang sumang-ayon sa hinihiling na pagtatakda. Kung sumasang-ayon kami, igagalanag namin ang inyong mga pagtatakda maliban kung ito ay isang emergency.
- Hilinging kumpidensiyal ang mga pagpapabatid sa inyo tungkol sa inyong PHI.
- Hilinging makipagbatiran sa inyo sa ibang paraan. Halimbawa, kung gusto ninyong ipadala namin sa ibang direksiyon ang mga sulat namin sa inyo, napapaunlakan namin sa karaniwan ang mga ganitong kahilingan. Kailangang nakasulat ang inyong kahilingan. Pauunlakan namin ang mga makatwirang kahilingan.
- Tingnan at kopyahin ang inyong PHI. Kinakailangang nakasulat ang kahilingan at maaaring singilin namin kayo ng makatwirang halaga para sa pagpapakopya at pagpapadala sa koreo nitong mga kopya, o para sa halaga ng mga iba pang supplier at serbisyo na kaugnay sa inyong kahilingan. May mga situwasyon na maaari naming tanggihan ang inyong kahilingang tingnan at kopyahin ang inyong PHI at susulatan namin kayo para sahihin kung bakit namin tinatanggihan ang inyong kahilingan. Maaari ninyong hilinging siyasatin ang aming pagtanggihan kung tinanggihan ang inyong kahilingan.
- Hilinging baguhin ang inyong PHI na ginagamit namin sa pagdidisyon tungkol sa inyo. Kailangang nakasulat ang inyong kahilingan para sa pagbabago at kailangan ninyong sabihin ang dahilan para sa inyong kahilingan. May mga pagkakataong maaari namin kayong sulatan na sinasabing tinatanggihan namin ang inyong kahilingan. Maaari ninyong sagutin ito sa pamamagitan ng pag-file sa amin ng isang nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon sa amin at hilingin ninyong isama sa inyong PHI ang pahayag na ito.
- Humiling ng listahan ng aming mga isiniwalat na inyong PHI, maliban sa mga paggamit at pagsisiwalat para sa paggamot, kabayaran, at mga pangangasiwa para sa pangangalaga ng kalusugan na tulad ng dating inilarawan. Para humiling ng listahan ng mga isiniwalat, kailangan ninyong sulatan ang aming Privacy Officer. Kailangang nakasulat sa inyong kahilingang ang panahon, na hindi mas matagal sa nakaraang anim na taon at hindi maaaring isama ang mga petsang bago ang 14 ng Abril, 2003. Kayo ay puwedeng makatanggap ng isang listahan bawat taon, na hindi kayo sisingilin. Maaaring singilin namin kayo kung kayo ay hihiling ng isa pang listahan para sa taong iyon. Ipaalam namin sa inyo kung magkano ang isisingil namin sa inyo para sa listahan at bibigyan namin kayo ng pagkakataong bawiin o baguhin sa anumang oras ang inyong kahilingan bago magkagastos. Ipadadala namin sa inyo ang listahan sa pamamagitan ng koreo sa loob ng 30 araw ng inyong kahilingan, o ipaalam namin sa inyo kung hindi namin maipapadala

ang listahan; pero ang petsang ito ay hindi tatagal sa 60 araw sa kabuuan magmula sa petsang natanggap namin ang inyong nakasulat na kahilingan.

- Makatanggap ng kopya nitong Pauna, kapag hiniling ninyo sa aming Privacy Officer.

### **Mga pagbabago sa hindi pagsisiwalat ng mga impormasyong tungkol sa inyo**

Inirereserba namin ang karapatang baguhin sa anumang oras ang mga hindi pagsisiwalat ng mga impormasyong tungkol sa inyo at ang mga kondisyon nitong Paunawa, at gawing maybisa ang mga kondisyon ng bagong paunawa para sa lahat ng inyong PHI na nasa amin at pati na rin ang mga impormasyong matatanggap namin sa hinaharap. Magpapaskel kami ng kopya ng kasalukuyang paunawa sa aming facility na nasa 117 North First Street, Suite 8, Mount Vernon, WA 98273, at ilalagay namin sa aming website sa [www.nsrnsn.org](http://www.nsrnsn.org). Ang paunawa ay nasa unang pahina, sa kaliwang itaas, ay ang petsang maybisa na hindi mas maaga sa petsang inilimbag o inilathala ang paunawa.

Kaagad naming babaguhin at ipamamahagi ang aming Paunawa kapag may mga pagbabago tungkol sa mga paggamit at pagsisiwalat, mga karapatan ng tao, aming mga tungkulin alinsunod sa batas, at tungkol sa mga iba pang hindi pagsisiwalat ng mga impormasyong tungkol sa inyo na nakasulat sa Paunawa. Maliban kung inuutos ng batas, ang pagbabago sa anumang kondisyon sa Paunawa ay maaaring isagawa bago sa petsang maybisa ang Paunawa na pinapakita ang pagbabago.

### **Mga katanungan at reklamo**

Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa Paunawang ito o kung gusto ninyo ng karagdagang kopya, pakitawagan ang aming Privacy Officer sa 360-416-7013.

Kung sa palagay ninyo ay linabag namin ang inyong mga karapatan tungkol sa hindi pagsisiwalat ng mga impormasyong tungkol sa inyo o kung kayo ay hindi sumasang-ayon sa aming desisyon na matingnan ang inyong PHI, maaari kayong magharap ng reklamo sa: Privacy Officer, the North Sound Mental Health Administration, 117 North First Street, Suite 8, Mount Vernon, WA 98273. Kailangang nakasulat ang lahat ng mga inirereklamo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano magharap ng isang nakasulat na reklamo, tawagan ang Privacy Officer sa 360-416-7013. Maaari rin ninyong tawagan ang Ombuds service sa 1-888-336-6164. Maaari rin kayong magharap ng reklamo sa Secretary of the U.S. Department of Health and Human Services. Hindi paghihigantihan ang mga taong nagharap ng reklamo.